Magandang Simula ng FC Barcelona sa 2026–27 Season

Maganda ang naging simula ng FC Barcelona sa 2026–27 season. Sa ilalim ng German coach na si Hansi Flick, na nasa ikatlong taon na niya sa club, nagpapakita ang koponan ng organisado at mahusay na attacking football na nagresulta sa maraming goals. Sa ngayon, hindi pa natatalo ang Barcelona sa kanilang unang pitong laro sa La Liga at sa kanilang unang laban sa Champions League. Isa sa pinakamalaking lakas ng koponan ngayong season ay ang kanilang mahusay na pag-atake at ang dami ng mahuhusay na manlalaro sa kanilang squad. Nakapuntos na sila ng 36 goals sa walong laro, ang pinakamagandang simula nila mula noong 1935–36 season. Kahanga-hanga rin kung paano sila nakakagawa ng maraming pagkakataong makapuntos habang kontrolado pa rin nila ang laro.

Maraming manlalaro ang naging mahalaga sa magandang simula ng Barcelona, pero dalawa sa pinaka namumukod-tangi ay sina Raphinha at Lamine Yamal. Nakapunta si Raphinha ng 12 goals sa unang pitong laro sa La Liga. Noong nakaraang weekend, nakagawa siya ng kanyang ikalawang sunod na hat-trick sa 3–1 na panalo laban sa Sevilla. Samantala, si Lamine Yamal, ang 19-anyos na rising star, ay patuloy na nagpapakita ng kanyang talento sa paggawa ng mga pagkakataong makapuntos at sa pag-iskor ng goals.

Nakakuha rin ang Barcelona ng malalaking panalo tulad ng 5–0 laban sa Elche, 5–0 laban sa Valencia, 7–2 laban sa Racing Santander, at 5–1 laban sa Feyenoord sa Champions League. Kahit maaga pa sa season, ang talento ng kanilang mga manlalaro at ang kanilang estilo ng paglalaro ay nagpapakita na isa ang Barcelona sa mga koponang may malaking pagkakataong manalo ng maraming titulo.